

1) Ano ang programang NJEDA ART?

Ang programang ART ay nagbibigay ng kabuuang pagmumulan ng pagpopondo na \$10 milyon na hahatiin sa dalawang produkto: isa para sa Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate at isa para sa Pagpapatakbo ng Pamublikong Espasyo. Hanggang \$7 milyon ang naiplano para suportahan ang pagpapaunlad ng real estate pagdating sa pagpipinansya sa pamamagitan ng mga gawad para sa mga gastos sa rehabilitasyon ng real estate, bagong konstruksyon, at pagpapaunlad na nauugnay sa bawat proyekto. Ang paglalaan na ito ay pantay na hinati sa pagitan ng Newark at Atlantic City (\$3.5 milyon na mga gawad para sa mga proyekto sa Newark at \$3.5 milyon para sa mga proyekto sa Atlantic City). Tatlung porsyento (30%) ng kabuuang pagpopondo sa programa (humigit-kumulang \$1.5 milyon sa bawat munisipalidad, Newark at Atlantic City) ang gagamitin upang suportahan ang paglikha ng mga inisyatiba sa pagpapatakbo ng pamublikong espasyo, tulad ng mga proyektong placemaking (pagpapalano, pagdidisenyo at pamamahala ng mga pamublikong lugar), paglalagay ng pamublikong sining, mga proyektong placemaking na nakabatay sa sining, paglalagay ng karatula, at mga pagpapabuti ng hitsura ng kalsada.

2) Sinu-sino ang mga karapat-dapat na aplikante para sa mga Gawad sa Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate?

Maaaring ipakita ng mga ahensyang non-profit para sa pagpapaunlad o muling pagpapaunlad ng ekonomiya ang kakayahang kumpletuhin ang proyekto ng pagpapaunlad o muling pagpapaunlad o magkaroon ng karanasan sa proyekto na may katulad na saklaw.

Maaaring ipakita ng (mga) may-ari ng pangkomersyong ari-arian ang kakayahang kumpletuhin ang proyekto ng pagpapaunlad at muling pagpapaunlad o magkaroon ng karanasan sa proyekto na may katulad na saklaw. Maaaring ipakita ng mga pribado o non-profit na tagapagpapaunlad ang kakayahang kumpletuhin ang proyekto ng pagpapaunlad at muling pagpapaunlad, o magkaroon ng kakayahan sa proyekto na may katulad na saklaw. Hindi maaaring mag-apply ang mga instrumentalidad ng pamahalaan.

3) Sinu-sino ang mga karapat-dapat na aplikante para sa mga gawad sa Pamublikong Espasyo?

Mga organisasyong not-for-profit na may status na 501 c (3) at 501 c (19) na ginawa para suportahan at bigyang sigla ang mga komunidad. Hindi karapat-dapat ang mga entidad ng munisipalidad at pamahalaan.

4) Saan maaaring matagpuan ang mga karapat-dapat na proyekto?

Ang lahat ng lokasyon ng proyekto ay kailangang:

Nasa Lungsod ng Newark at Lungsod ng Atlantic City at nasa pangkomersyong koridor na inilalarawan bilang nasa loob ng isa at kalahating milyang radius ng aktibong istasyon ng tren ng New Jersey.

5) Paano ko malalaman kung ang aking proyekto ay nasa Pangkomersyong Koridor ng Atlantic City o Newark?

Ang mapa ng pagrerepaso ng Lokasyon mula sa NJEDA ay magpapahintulot sa iyong malaman kung ang lokasyon ng iyong proyekto ay nasa isang karapat-dapat na lokasyon para sa programang ART. [App ng Pagrerepaso ng Lokasyon ng NJEDA](#)

6) Kailangan dapat iobliga ang mga pondo?

Kailangang maobliga ang lahat pondo para sa ART hanggang Disyembre 31, 2024.

7) Kailan kailangang magasta ang mga pondo?

Kailangang magasta ang lahat pondo para sa ART hanggang Disyembre 31, 2026.

8) Saan ka maaaring makakuha ng tax clearance certificate (sertipiko ng pag-apruba ng ahensya ng buwis) dahil kailangan ito sa programa?

Kung hindi ka rehistrado sa Premier Business Services, bisitahin ang portal ng Premier Business Services https://www16.state.nj.us/NJ_PREMIER_EBIZ/jsp/home.jsp at piliin ang New Users Only (Mga Bagong Gumagamit Lamang) – Gumawa ng Account at sundin ang mga tagubilin para sa paggawa ng bagong account.

Kung rehistrado ka na sa Premier Business Services, mag-log in sa https://www16.state.nj.us/NJ_PREMIER_EBIZ/jsp/home.jsp. Pumunta sa Tax & Revenue Center at pilin ang Business Incentive Tax Clearance. Kung nakasunod ang iyong account sa mga obligasyon sa buwis at walang umiiral na pananagutan, maaaring mai-print ang Business Incentive Tax Clearance nang direkta sa pamamagitan ng portal.

Ang mga tanong tungkol sa iyong account ay maaaring idirekta sa NJ Treasury sa 609-292-9292 o sa pamamagitan ng email sa Premier Services Registration sa Integrated-Registration.Admin@treas.nj.gov.

9) Mayroon pang pagrerepaso ng Duplication of Benefit (Pagdodoble ng Benepisyo)?

Oo, kailangang makumpleto ng lahat ng proyekto ang pagrerepaso ng Duplication of Benefits upang matiyak na hindi ginagamit ang mga pampublikong pondo para sa mga parehong gastos sa proyekto.

10) Ano ang pinakamaliit na hiniling na gawad, kada proyekto kada lungsod?

Ang pinakamaliit na hiniling na gawad para sa parehong proyekto ng Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate at produkto ng Pagpapatakbo ng Pampublikong Espasyo ay \$250,000.

11) Ano ang pinakamalaking na hiniling na gawad, kada proyekto kada lungsod?

Ang pinakamalaking gawad para sa produktong Rehabilitasyon ng Real Estate ay \$3,500,000 at

pinakamalaking gawad para sa produktong Pampublikong Espasyo ay \$1,500,000.

12) Paano kung hindi sasagutin ng gawad ang puwang sa pagpopondo para sa ika-2 o susunod na aplikanteng may pinakamataas na score?

Kung ang susunod na nakaranggong aplikante (na may score na mataas sa pinakamababang score) ay hindi maaaring mapondohan nang buo, aabisuhan ng mga kawani ng NJEDA ang aplikante ng makukuhang halaga na maaaring igawad.

Magkakaroon ang aplikante ng 15 araw ng negosyo mula sa petsa ng abiso para tanggapin ang gawad at magbigay ng katibayan ng karagdagang pagpopondo upang matiyak na maaari pa ring makumpleto ang proyekto gamit ang letter of intent (liham ng layunin), commitment letter (liham ng pangako), bank statement (mga pahayag ng nilalaman ng nasa bangko), o anumang iba pang mga pamamaraan.

Kung nagpasya ang aplikante na huwag tanggapin ang makukuhang halaga o hindi tinukoy ang karagdagang pagpopondo para kumpletuhin ang pagpopondo, hindi magiging kumpleto ang aplikasyon at ituturing na inurong ng NJEDA.

Kung walang gawad na ibibigay sa aplikante, magpapatuloy ang NJEDA sa parehong proseso sa aplikasyong may sumunod na pinakamataas na score (mataas sa pinakamababang score).

Sa kabuuan ng prosesong ito, hindi pahihintulutan ang aplikanteng baguhin ang proyektong ito, dahil maaapektuhan nito ang pag-score.

13) Paano ibinibigay ang mga gawad para sa programang Real Estate?

Sa ilalim ng programang Rehabilitasyon at Pagpapaunlad ng Real Estate, tatanggap ang aplikante ng inilabas na 50% ng halaga ng buong gawad sa pagkumpleto ng 50% ng proyekto gaya ng ipinapakita sa pamamagitan ng kanilang dokumentong AIA. Ang pangalawang paglabas ay kapag nagbigay ang aplikante ng Certificate of Occupancy (Sertipiko ng Pag-okupa) at katibayan ng pagkumpleto.

14) Paano ibinibigay ang mga gawad para sa programang pampublikong espasyo?

Sa ilalim ng Programa ng Pagpapatupad ng Pampublikong Espasyo, tatanggap ang aplikante ng buong halaga ng gawad sa oras na maipatupad ang kasunduan sa gawad. Aatasan ang Aplikanteng magsumite ng ulat kada tatlong buwan hanggang sa makumpleto ang proyekto.

15) Magdudulot ba ang programang ito ng umiiral na sahod?

Oo, ang pagpopondo sa programang ART ay magdudulot ng umiiral na sahod sa lahat ng proyektong real estate at mga piniling proyekto ng pagpapatupad ng pampublikong espasyo batay sa paggamit ng mga pondo ng gawad.

16) Karapat-dapat ba akong mag-applt kung nakatanggap ako ng tulong mula sa NJEDA sa nakaraan?

Oo, karapat-dapat ang mga aplikante na matanggap ang pagpopondo kung natanggap ang nakaraang tulong ng NJEDA.

17) Kailangan ko bang tumira sa Neward o Atlantic City para mag-apply para sa programang ito?

Hindi, ang mga aplikante ay maaaring tumira o magkaroon ng operasyon ng kumpanya na nakabase sa

labas ng Newark o Atlantic City. Hayon pa man, limitado ang mga lokasyon ng proyekto sa mga pangkomersyong koridor ng Atlantic City at Newark.

18) Ano ang mangyayari kung hindi ko kayang kumpletuhin ang proyekto?

Kailangang magasta nang buo ang mga pondo ng proyekto hanggang Disyembre 31, 2026 alinsunod sa mga pederal na patnubay. Kung hindi kayang kumpletuhin ng aplikante ang kanilang proyekto, babawiin ng mga pondo ng gawad.

19) Gaano kalaking karanasan ang kailangang magkaroon ako para makapag-apply para sa programang ito?

Para sa pagpapaunlad ng real estate, ang mga aplikante ay kailangang maging mga tagapagpaunlad na for profit at not for profit o mga may-ari ng pangkomersyong ari-arian na may mga ipinakitang kakayahan para makumpleto ang proyekto ng pagpapaunlad at muling pagpapaunlad o magkaroon ng karanasan sa proyekto na may katulad na saklaw.

Para sa pagpapatakbo ng pampublikong espasyo, hindi kailangan ng mga aplikanteng magkaroon ng karanasan sa nakaraan ngunit ang mga nakaraang karanasan sa proyekto at pagiging handa na magpatuloy ay mga pangunahing bahagi sa pag-score.

20) Kung ito ay proyekto ko, maaari ba akong mag-apply kung makikipagsosyohan ako sa isang indibidwal na nakapagkumpleto ng mga proyektong katulad sa programang ito?

Maaaring mag-apply ang mga aplikante na may kasamang kasosyo. Sinusuri sa mga bahagi ng pag-score ang ipinakitang nakaraang karanasan ng pangkat sa proyekto at pagiging handa na magpatuloy bilang mga pangunahing bahagi.

21) Kailangan ko bang magbigay ng mga tax return o paystub?

Hindi

22) Kung hindi mabuti ang katayuan ko sa estado, maaapektuhan ba nito ang aking pagiging karapat-dapat?

Oo, ang mga gagawaran para sa anumang pagpopondong gawad ng EDA ay kailangang maging nasa napakabuting katayuan sa mga Kagawaran ng Treasury-Taxation (Pananalapi-Pagbubuwis), Labor (Paggawa) at Environmental Protection (Pagprotekta sa Kapaligiran) sa panahon ng aplikasyon.

23) Ano ang mangyayari pagkatapos ng aplikasyon?

Tatanggapin ang mga aplikasyon sa loob ng 60 araw ng negosyo. Susuriin ang mga aplikasyon kung kumpleto ito bago maipadala komiteng nagbibigay ng score para sa ebalwasyon. Sa mga ebalwasyon sa pagiging kumpleto rerepasuhin ang lahat ng aplikasyon upang matiyak na naroon ang mga kinakailangang dokumento. Titiyakin lamang sa pagrerepaso na naroon ang dokumento. Hindi rerepasuhin sa ebalwasyon sa pagkakumpleto ang nilalaman ng dokumento. Kung kailangan, natagpuang kulang ng dokumentasyon, bibigyan ang mga aplikante ng limang (5) araw ng negosyo kung saan magagawa nilang lutasin ang mga isyung nakapalibot sa mga kulang na dokumento.

Pagkatapos ay magpapatuloy ang mga kumpletong aplikasyon sa pag-score ng komite at kawani. Mamarkahan ng mga kawani ang mga pamantayang hindi diskresyonaryo. Ang komite ng pag-

score ng NJ EDA SME ay bibigyan ng score ang lahat ng tanong na may mga diskresyonaryong pamantayan. Pagsasama-samahin ang mga score at irerekomenda sa Lupon para sa mga pag-apruba at mga gawad. Gagawin ang mga rekomendasyon sa paggawad sa pagkakasunud-sunod ng pag-score kung saan irerekomenda sa gawad ang may mungkahing may pinakamataas na score. Ang mga natitirang rekomendasyong gawad ay gagawin batay sa mga natitirang pagmumulan ng pagpopondo na may mga rekomendasyon para sa gawad batay sa mga pamantayan sa pag-score.

24) Mayroon bang may pinakamababang score?

Ang lahat ng proyektong inirerekomenda sa Lupon para maaprubahan at magawaran ay kailangang matugunan o malampasan ang pinakamababang score na 65 puntos sa posibleng 100 puntos.

25) Ano ang mangyayari kung hindi ko maibibigay ang aking follow up na dokumentasyon sa loob ng 5 araw ng negosyo?

Tatanggihan ang mga aplikante at tatanggap ng liham ng pagtanggihan na kung saan may kakayahan silang maghain ng apela sa loob ng 3 araw ng negosyo.

26) Magkano ang singil sa aplikasyon kung isa akong aplikanteng for-profit?

Kailangan bayaran ang singil na \$1,000 sa panahon ng aplikasyon at hindi ito maaaring i-refund para sa programa ng pagpapatakbo ng Real Estate at Pamublikong Espasyo.

27) Magkano ang singil sa aplikasyon kung isa akong aplikanteng non-profit?

Ang mga entidad na not-for-profit ay maaaring mag-apply para sa mga waiver sa singil dahil sa mga labis na kahirapan. Maaaring ipakita ang mga Waiver sa Singil Dahil sa Labis na Kahirapan sa pamamagitan ng pinakakamakailang 990 form ng nonprofit kung ang Revenue Less Expenses (Kita na Binawasan ng mga Gastos, linya 19) ay mas mababa sa \$500,000 at ang mga Netong Asset/Mga Balanse ng Pondo (linya 22) ay mas mababa sa o katumbas ng \$1,000,000.

28) Dapat bang magsumite ang Aplikante ng mga tantiya ng kontratista para sa Proyekto?

Oo, dapat magsumite ang aplikante ng mga tantiya ng kontratista o pinal na pagbabalangkas ng kabayaran sa paggawa. Ang kontratista ng proyekto ay kailangang maging isang rehistradong kontratista ng pamublikong paggawa ng NJ.